



Pangalan ng Serbisyo ng Pangangalaga sa Tahanan:

ID ng Komisyon (Commission ID):

Mahal na Konsyumer at/o Kinatawan ng Konsyumer

Tumanggap ka ng liham na ito dahil ang Aged Care Quality and Safety Commission (Komisyon) ay nagpaplanong bumisita sa provider (tagapagbigay ng serbisyo) na may tungkuling maghatid sa iyo ng mga serbisyong pangangalaga sa matatanda. Ang layunin ng pagbisita ay upang tasahin kung ang kalidad ng pangangalaga at mga serbisyong ibinibigay sa iyo at sa iba pang mga konsyumer ay tumutugon sa Mga Pamantayan ng Kalidad ng Pangangalaga sa Matatanda (Aged Care Quality Standards).

Ang Komisyon ay iba kaysa sa My Aged Care. Ang Komisyon ay ***hindi nagpapasya sa antas ng iyong pangangalaga, pondo o mga benepisyo mula sa pamahalaan***, at wala ni isa man sa mga ito ang maaapektuhan ng anumang aksyon na gagawin mo bilang pagtugon sa liham na ito.

Ang Komisyon ay interesado na makarinig mula sa iyo (o mula sa iyong kinatawan) kung nanaisin mong magbigay ng komento tungkol sa kalidad ng pangangalaga at mga serbisyong ibinibigay sa iyo ng iyong provider ng serbisyong pangangalaga sa matatanda.

Ang prosesong ito ay lubos na opsiyonal, at mapipili mong gawin ang alinman sa mga sumusunod:

- 1) Tawagan ang Komisyon sa 1800 951 822 at pindutin ang opsiyon 2 upang magbigay ng komento sa telepono; o
- 2) Kontakin ang iyong provider ng serbisyong pangangalaga sa matatanda at humiling na makipagkita (nang harapan o makipag-usap sa telepono) sa isang

tagatasa ng kalidad kapag ang mga tagatasa ng kalidad ay bibisita sa iyong provider. Ang petsa ng pagbisitang iyon ay

; 0

- 3) Kumpletuhin ang online na survey ng Komisyon tungkol sa karanasan ng konsyumer sa pamamagitan ng Internet sa: lonergan.team/homeservice. Kakailanganin mo ang ID ng Komisyon (Commission ID) na nasa itaas ng pahinang ito upang makapasok sa survey. Ang Lonergan, isang independiyenteng pananaliksik na kompanya, ay nagsasagawa ng survey sa ngalan naming.
- 4) Huwag kang gumawa ng kahit ano at piliing huwag magbigay ng komento tungkol sa kalidad ng pangangalagang ibinigay sa iyo, sa pagkakataong ito. (Huwag mag-atubiling piliin ang opsiyong ito kung nais mo).

Kung ikaw ay magpapasyang magbigay ng komento, igagalang ng Komisyon ang pagkapribado ng iyong impormasyon at hindi ibabahagi ang mga detalye nito sa iyong provider ng pangangalaga sa matatanda maliban kung ikaw ay partikular na sumang-ayon dito, o kung kami ay lubhang nag-aalala tungkol sa iyong kaligtasan, kalusugan at kagalingan.

Para sa impormasyon tungkol sa patakaran sa pagkapribado at mga gawi ng Komisyon, pakitingnan ang website ng Komisyon sa agedcarequality.gov.au o kontakin ang Komisyon sa telepono sa 1800 951 822 at pindutin ang opsiyon 2.

Kung kailangan mo ng tulong ng interpreter, pakitawagan ang Serbisyo ng Pagsasalin sa Wika at Interpreter (Translating and Interpreting Service, TIS) sa 131 450 at hilingin ang Aged Care Quality and Safety Commission.

Lubos na sumasaiyo

Aged Care Quality and Safety Commission

1800 951 822

agedcarequality.gov.au

FRM-ACC-0399 v2.1